

1

“Please don’t start the wedding without me,” pabirong sabi ni Edward sa kanyang fiancée na si Penelope nang ihatid niya ito sa bahay nito matapos nilang manggaling sa simbahang pagdarausan ng kanilang nalalapit na kasal. Nasa labas sila ng kotse at magkadikit ang mga katawan, nakayakap ang mga braso ng binata sa baywang ng katipan habang nakapatong sa magkabila niyang balikat ang mga kamay nito.

“P’wede ba naman iyon, eh, ikaw ang aking groom,” nakatawang sagot nito. She kissed him pagkatapos ay namumungay ang mga matang tumingin sa kanya. “Siguraduhin mo lang na babalik ka dito sa Manila bago dumating ang wedding day natin, ha?” paghinggi nito ng assurance sa kanya. “Baka mamaya niyan, meron ka nang makilalang ibang chicks doon, hindi ka na bumalik.”

“Siyempre naman, ako pa,” pagmamayabang niya.

“Ikaw pa nga!”

Nagkatawanan sila.

“I’m going to miss you, honey,” malambing na sabi ng fiancée habang ikinikiskis ang ilong sa kanyang ilong.

“Me, too, sweetie,” tugon niyang niyakap nang mahigpit si Penelope saka tinapik ito sa balakang. “Sige na, pumasok ka na sa loob at baka magbago pa ang isip ko, hindi na naman matuloy itong retreat ko,” nakangising dugtong niya.

“Kasi naman ang dami mo pang arte. May pa-retreat-retreat ka pa diyang nalalaman,” nakangusong saad nito.

“Alam mong matagal ko nang plano ito, hindi ba? Bago man lamang ako lumagay sa buhay may-asawa, gusto ko munang mapag-isa. I mean....” Nagkibit-balikat siya.

Hindi alam ni Edward kung papaano ipapaliwanag kay Penelope ang bagay na ito. Hindi rin kasi niya alam kung bakit bigla ay naisip niyang pumunta muna sa isang malayo at liblib na lugar bago sila pakasal ng kasintahan.

Siguro ay ganito talaga ang pakiramdam ng isang lalaking ikakasal; kung anu-anong takot ang biglang aahon sa dibdib. Gusto munang makasiguro kung talaga bang nakahanda na ang

sarili na lumagay sa tahimik at kung ang babaeng nakatak dang pakasalan ay ito na talaga ang babaeng nais makasama habambuhay. Mas mabuting sa isang tahimik, malayo at payapang lugar gagawin ang soul-searching.

Mahal niya si Penelope. Hindi niya ito yayain ng isang panghabang-buhay na relasyon kung hindi siya sigurado sa damdamin niya para rito.

Ngunit gusto niyang tuparin ang pangarap niyang magtungo sa isang malayong lugar na nag-iisa. Sa kahuli-hulihang sandali ng kanyang buhay-binata ay gusto niyang maging malaya....

“What if sa pagbabalik mo rito, ma-realize mong hindi mo pala ako talagang mahal?” tanong ni Penelope, hindi maiwasang makadama ng kaba.

Tinawanan lamang niya iyon.

Sa loob ng limang taon nilang pagiging magkasintahan, kailanman ay hindi niya ito pinagtaksilan. Ngayon pa ba niya ito papalitan kung kailan nakatakda na ang kanilang kasal?

Excited si Edward habang inihahanda ang kanyang mga gamit. Sinadya niyang iwan ang

kanyang cellphone, ang kanyang mga identification cards at lahat ng mga bagay na makakapagpaalala sa kanyang siya ay si Edward Salvosa, ang isa sa mga pinakamatagumpay na arkitekto ng bansa.

Sa loob ng dalawang linggo ay mamumuhay siyang isang ordinaryong tao lamang sa isla ng Samar. Doon niya napiling gawin ang soul-searching; walang nakakakilala sa kanya sa lugar na iyon. Doon ay walang pressures, walang problema. Iiwan niyang lahat ng iyon dito sa Maynila.

Abot-tainga ang ngiti ni Daphne habang nag-aaral siyang magmaneho ng kanyang bagong sasakyan.

Regalo iyon ng kanyang ama para sa eighteenth birthday niya.

Sayang at nasa Amerika ang mga magulang niya ngayon. Hindi tuloy nakikita ng mga ito ang galing niya sa pagmamaneho.

“Look, Yaya Flora,” himig-nagmamalaking sabi niya sa kasamang tagapag-alaga, “hindi ko hawak ang manibela ko...” Nasa magkabilang gilid ng steering wheel ang mga kamay niya, hindi kinokontrol iyon.

“Diyos ko namang bata ka! Kung anu-anong kalokohan ang nalalaman mo...” ninenerbyos na tugon nito habang sapo ng dalawang kamay ang dibdib.

Napabungisngis siya. Tuwang-tuwa siyang takutin ang kanyang butihing Yaya Flora.

Itinaas niya ang kanyang isang braso. “I’m the queen of the world!” sigaw niya. Malakas lamang ang loob niya dahil bibihira ang mga sasakyang dumadaan sa malawak na kalsadang iyon.

Tawa siya nang tawa nang makitang putla-putla ang kaawa-awang matanda dahil sa matinding nerbyos.

“I’m sorry, Yaya...” masuyong saad niya.

“Ewan ko sa iyong bata ka, kung anu-anong kalokohan ang pinaggagawa mo! Kapag napapahamak ka, hindi lang ikaw kundi tayong dalawa ang napapasubo sa tatay mo!” nakairap na sabi nito.

Ngumiti lamang si Daphne. Bata pa siya ay inirereklamo na ng matanda ang kanyang kapilyahan, ngunit sa kabila ng lahat ay mahal na mahal pa rin siya ng kanyang Yaya Flora at palaging pinagtataktan sa istrikto niyang ama.

“Ewan ko ba naman kasi kay Sir Tirso kung bakit niregaluhan ka pa nitong kotse, eh... o, dahan-dahan ka, merong lalaking nagbibisikleta na—” babala nito nang mapansin mayroon silang makakasalubong.

Huli na para maiwasan ni Daphne ang kasalubong nilang lalaki na nagbibisikleta.

Sa bilis ng pagpapatakbo niya ng kotse, nabangga na niya ito at tumilapon mula roon ang biktima.

Nagkatinginan sila ni Yaya Flora.

Nang makabawi sa kabiglaan ay nagmamadali siyang bumaba ng kotse at nilapitan ang lalaking nakahandusay sa kalsada. Nakahinga siya nang maluwag nang makitang humihinga pa ito. “Yaya, please help me,” namumutlang sabi niya sa tagapag-alaga. Nagpapasalamat siyang wala siyang nakikitang dugo na umaagos mula sa anumang bahagi ng katawan ng lalaki. Marahil bago pa niya ito mabundol ay nakatalon na ito mula sa bisikleta.

Hindi niya alam... mas lalong hindi niya alam kung ano ang mangyayari sa kanya pagkatapos nito.

“God, please save this man. Please, God...”

2

“Tito Bojie, how was he?”

Dinala nina Daphne at Yaya Flora sa clinic ni Tito Bojie ang walang malay-*tao* na lalaking nabunggo nila. Pinauwi na ng dalaga ang matanda pagdating nila roon. Alumpihit na naghintay siya sa labas ng examination room habang sinusuri ito ng manggagamot na tiyuhin niya.

“He’s okay, wala siyang natamong grabeng pinsala sa katawan liban sa sugat niya sa kaliwang paa. Milagro ngang ni hindi man lamang siya nabalian ng buto.”

Nakahinganangmaluwagangdalaga.Nakikiusap ang kanyang anyo nang tingnan ang tiyuhin. “Tito, please, huwag n’yo na sana itong parating kay Papa...” mahinang sabi niya. Nagpapasalamat din siyang walang ibang taong nakakita sa kanya nang maganap ang aksidente, kung hindi ay sa presinto ang bagsak niya.

“Ang hindi ko lang maintindihan ay kung bakit ang lakas ng loob mong magmaneho sa kalsada nang hindi kasama si Mang Ambo. To think na wala kang

lisensya, not even a student's license!" pangaral nito.

"Tito, please..." saway niya.

"From now on, hindi mo na ulit gagamitin ang sasakyan mo nang wala kang kasamang driver," mariing sabi ni Tito Bojie.

Tumango siya. Kasalanan talaga niya ito. Mabuti na lamang at nagkataong may kamag-anak siyang doctor, kung hindi ay katakut-takot na eskandalo pa itong aabutin niya.

Ngunit ang higit niyang ipinagpapasalamat ay hindi niya napatay ang lalaki.

Dahil kung nagkataong namatay ito, habang-buhay na niyang hindi mapapatawad ang kanyang sarili sa ginawa.

"Tito, puwede ko bang siyang masilip?" pakiusap niya.

Tumango ito. "He's still unconscious pero mga ilang oras lamang ay aasahan na natin ang paggising niya."

Pinuntahan ni Daphne sa examination room ang pasyente.

Ngayon lamang niya napagmasdang mabuti ang walang malay-tao na binata.

Iginala niya ang kanyang mga mata sa mukha nitong may kaunting galos sa pisngi. Kahit nakapikit ito ay mababakas pa ring napakaguwapo nito. Bumaba ang kanyang tingin sa malalapad nitong balikat, sa matipunong dibdib at sa mga brasong tila napakasarap magpayakap. Balisaksakan ang katawan nitong nakahiga sa kama. Malaking tao ang lalaki, sa tantya niya ay six-footer ito.

Kung nagkataon palang napatay niya ito, maraming kababaihang magwewelga sa kanya. Sa hitsura nito ay tiyak niyang mayroon na itong kasintahan kung hindi man asawa.

Hindi niya alam kung bakit parang may magnetong humihila sa kanyang kamay para haplusin ang mukha ng lalaki. Napapitlag siya nang unti-unting magmulat ang mga mata nito.

Bigla itong napabalikwas nang makita siya.
“Sino ka?”

Hindi makapagsalita si Daphne dahil sa pagkabigla.

“Nasaan ako?” anitong iginala ang paningin sa paligid ng klinika, waring gulong-gulo ang anyo

nito nang muli siyang tingnan. “Sino ka? Ano’ng ginagawa ko rito?”

“Eh... huwag ka sanang magagalit, k-kuwan... kasi... I did not intent to hurt you, it was an accident,” nagkakabuhol-buhol ang dila na sabi ng dalaga. Hindi niya alam kung papaano ipapaliwanag na nabangga niya ito lalo pa at kitang-kita niya sa mukha ng kausap ang pagkalito.

Pumikit ito saka tumiim ang mga bagang.

“Bakit wala akong matandaan?” tila nayayamot na sigaw nito.

Napaawang ang kanyang mga labi. Nang makabawi siya sa kabiglaan ay dali-dali niyang tinawag ang kanyang tiyuhin para tingnan kung ano ang nangyayari sa estrangherong lalaki.

Shock ang rumehistro sa mukha ni Daphne nang sabihin ng kanyang tiyuhing doctor na nagkaroon ng amnesia ang lalaking nabundol niya.

“Tito Bojie, hanggang kailan siya ganyan?” nag-aalalang tanong niya.

“May namuong dugo sa kanyang ulo nang bumagsak siya sa kalsada. Unless the swelling

diminishes, his amnesia remains. Ngunit makakatulong ang lahat ng mga bagay na magpapaalala sa kanya para mapabilis ang pagbalik ng kanyang mga alaala. Iyon nga lang, don't force a memory on him. Hayaan nating kusa siyang makaalala.”

Pinaputok niya ang kanyang mga daliri. “Tito, ano'ng gagawin natin?”

Nagkibit-balikat si Tito Bojie. “Wala tayong magagawa kundi ang obserbahan siya nang mga ilang araw. Puwede tayong humingi ng tulong sa pulisya para malaman ang identification ng taong ito since—”

“No!” tutol niya. “Tito, kapag ginawa natin iyon ay malalagay ako sa alanganin. Huwag na natin siyang ilapit sa mga pulis, please?” nagsusumamong sabi niya. “Tatal, pansamantala lang ang kanyang amnesia, babalik din ang alaala niya in due time. S-siguro naman... bago dumating sina Papa, n-nasa normal na pag-iisip na siya.

“In the meantime, doon na lang muna siya sa hacienda... I will take care of him until he recovers. Please, Tito, ayokong maeskandalo. Malalagot ako kay Papa kapag nakarating ito sa kanya. At alam kong hindi mo rin gustong mangyari iyon sa akin, di

ba? I am your favorite niece, ang pinakamaganda, smart...”

Itinaas nito ang kamay sa ere. “Okay, okay, you win. Pero sa loob ng dalawang linggo at wala pa rin sa sarili ang lalaking iyan, sa ayaw at sa gusto mo, kailangan na nating ipaalam sa mga awtoridad ang aksidenteng ito.”

Tumango siya, ngumiti nang alanganin.

She prayed very hard na bumalik na ang alaala ng lalaki. “Tito, pupuntahan ko muna siya....”

“I am very sorry,” halos paanas na sambit ni Daphne habang pinagmamasdan ang natutulog na lalaki. “Patawarin mo rin ako kung hindi ko ipapaalam sa pulis ang tungkol sa iyo. Ayokong maimbestigahan at ilagay sa kahihyan ang pamilya ko. H-hindi naman siguro krimen ito dahil tinulungan kita at dinala dito sa clinic ni Tito Bojie...” parang maiiyak na patuloy niya. Nakadama siya ng pagsisisi sa mga kalokohang nagawa dahil sa nangyari sa lalaki.

Napalunok siya nang gumalaw ito.

Nang magmulat ito ng mga mata ay nagtama ang

kanilang mga paningin at hindi niya maipaliwanag ang eksakto niyang naramdaman nang mga sandaling iyon.

Basta ramdam niya ang tila kuryenteng gumapang sa kanyang buong katawan dulot ng mga titig nito.

“Alam mo na ba kung sino ako?” mahinang tanong nito.

Umiling siya.

Ipinikit nito ang mga mata, hinawakan ang ulo na tila bagot na bagot dahil hindi nito kilala ang sarili. “Sino ba akong talaga?”

“Ah, Mister, calm down. I’m sure hindi magtatagal ay makikilala mo na rin kung sino ka.... In the meantime, doon ka muna sa amin tumira, aalagaan kita hanggang sa... hanggang sa bumalik ang alaala mo.”

Bumangon ito, waring hindi siya naririnig. Napangiwi ito nang makaramdam ng sakit sa katawan.

Mabilis niya itong pinigilan. “Mister, please, stay calm. Pasasaan ba at maalala mo na rin ang lahat—”

“How can I stay calm kung ganitong ni hindi ko

nga alam kung ano ang pangalan ko?” bulyaw nito.

Nagpanting ang kanyang tainga. Ngayon lamang siya nasigawan ng isang lalaking ni hindi nga niya nakikilala.

“Bakit ba ang init ng ulo mo? Babalik ba ang alaala mo kung magiging hysterical ka?” sigaw rin ni Daphne. Magsasalita pa sana siya nang bumukas ang pinto ng examination room at pumasok si Tito Bojie.

“Iyan ba ang nagpiprisintang mag-aalaga sa may-sakit?” kunot-noong tanong nito sa kanya.

Hindi siya umimik. Napatingin lang siya sa pasyente. Tumingin din ito sa kanya.

Nagpatuloy ang doctor, “Kung gusto mong makabawi sa lahat ng atraso mo sa kanya, ngayon pa lang ay magsanay ka nang magkaroon ng mahabang pasensya, Daphne, dahil may palagay akong nakatagpo ka na ng katapat mo!”

“Eto ang magiging kuwarto mo habang naririto ka sa hacienda.” Sinamahan ni Daphne ang lalaki sa silid na tutuluyan nito sa villa. “Ipinamili ka na ni Yaya Flora ng mga gamit mo. Maraming libro

sa library just in case mahilig kang magbasa. Sa entertainment room, marami akong collection ng DVDs, original lahat iyon; mamili ka na lang ng gusto mong panoorin... marami rin akong music CDs kung trip mong magpatugtog—”

“Puwede bang iwan mo muna akong mag-isa?” pormal ang tonong putol nito.

Nagkibit-balikat siya. Suplado ang lalaking ito. Naisip niyang marahil ay aburido ito sa buhay kaya napadpad dito sa Eastern Samar.

“Okay,” aniyang lumabas na ng guest room. Maingat niyang isinara ang pinto. Hanggang ngayon ay palaisipan pa rin sa kanya ang binata. Alam niyang hindi ito taga-rito. Tiyak din niyang wala itong kakilala sa lugar na ito. Sakaling mayroon, bakit walang naghahanap dito?

Naupo si Edward sa kama. “Sino ba akong talaga?” daing niya sa sarili. Pinangalanan siyang Clark ng babaeng nagngangalang Daphne dahil crush nito ang Hollywood actor na gumanap bilang bagong *Clark Kent/Superman*.

Pinilit niyang alalahanin anumang nakaraang mayroon siya ngunit wala talaga siyang matandaan. Maging ang aksidenteng kinasangkutan niya na

ayon sa dalagang kumupkop sa kanya ay dahilan ng kanyang amnesia ay hindi niya maalala.

Hindi niya alam kung sino siya.

Hindi niya alam kung saan siya nakatira.

Hindi niya alam kung ano ang kanyang pagkatao.

At nahihirapan siya sa ganitong sitwasyon na para siyang nangangapa sa dilim.

Ikinuyom niya ang mga kamay sa kanyang ulo. Naiinip na siya. Dalawang araw na siyang ganito, ni katiting na alaala ay wala siyang maapuhap.

“Huwag mong pilitin ang sarili mo. Sinabi ni Tito Bojie, hindi mo raw kailangang i-pressure ang utak mo. Hayaan mong unti-unting bumalik ang alaala mo, huwag mong pagurin nang husto ang utak mo,” dinig niyang mahinang sabi ni Daphne.

Nilingon siya nito. “Sinasabi mo lang iyan dahil hindi ikaw ang nasa kalagayan ko. Hindi mo kasi nararamdaman ang nararamdaman ko... hindi ko alam kung sino ako. Hindi ko alam kung saan ako mag-uumpisa sa pagbuo ng katauhan ko. Para akong isang bulag na hindi malaman kung saan pupunta....”

Hindi ito umimik.

“Sana kahit man lang pangalan ko, maalala ko,” halos paanas na sabi niya.

“I’m sorry. Kasalanan ko,” tila nakokonsyensyang sabi nito.

Tila naman nahabag siya habang nakikita ang guilt sa anyo nito. At mula sa liwanag na nagmumula sa buwan, mas lalong naging kaakit-akit sa kanyang paningin ang kagandahang iyon ni Daphne.

Parang may nagbubulong sa kanya na hawakan ito. Na pawiin niya ang guilt na nararamdaman nito.

Ngunit nag-aalinlangan siya. Wala ba siyang naiwang pananagutan sa kanyang nakaraan?

“Huwag mo nang sisihin ang sarili mo,” sabi niya. “Nangyari na ito, hindi na maibabalik pa. Tulungan mo na lang ako na bumalik ang mga alaala ko.”

“Promise, gagawin ko ang lahat para makilala mo na kaagad ang iyong sarili... pero paano nga ba?” tanong ng dalaga. Humugot ito ng isang malalim na hininga. “In the meantime, mag-enjoy ka muna dito sa hacienda. Baka makatulong sa iyo ang pagrelax para bumalik ang alaala mo,” suhestyon niya.

Mabigat na dalahin sa dibdib ang nangyari kay Clark. Pinapatay na siya ng guilt na nararamdaman

niya.

Tiyak niyang nag-aalala na nang husto ang mga kamag-anak nito. Pero hindi niya ito puwedeng ipanawagan dahil natatakot siyang magkaroon pa ng imbestigasyon tungkol sa pagkakaroon nito ng amnesia.

Driving without a license is a crime!

3

“Good morning!” masayang bati ni Daphne kay Clark nang sabay silang dumulog sa mesa para mag-almusal.

Hindi niya alam kung bakit bigla ay excited siyang bumangon nang maaga at masilayan ang binata. Kunsabagay, hindi kataka-takang magkagusto siya rito, napakaguwapo nito at bulag na lamang ang babaeng hindi hahanga sa kagandahang lalaki nito.

Ngunit hindi niya maintindihan kung bakit kakaiba ang pakiramdam niya sa estranghero.

Hindi ito kagaya ng paghangang naramdaman niya sa ibang crushes niya.

“Pagkatapos nating mag-breakfast, mag-horseback riding tayo,” nakangiting sabi ni Daphne. “Samantalain na natin ito. Ilang months na lang magpapasukan na kami at luluwas na ako sa Manila dahil doon ako nag-aaral. Maiiwan dito ang sasakyan ko. Ayaw akong payagan ni Papa na magmaneho ng sarili kong kotse sa Manila kasi delikado raw...” Natigilan siya nang maalalang kaya may amnesia

ngayon ang kausap ay dahil sa kotse niya. Umayos siya ng upo. “Ano, sasama ka ba sa aking mag-horseback riding?”

“Ayokong lumabas,” matabang na sagot nito.

“Hay naku! Kung palagi kang ganyan, lalong hindi ka gagaling. Ano ka ba? Kailangan mong i-relax ang isip mo para bumalik na ang alaala mo,” pangungumbinsi niya.

Hindi ito umimik.

“Basta, sasama ka sa akin sa ayaw at sa gusto mo. Doon man lang ay makabawi ako sa iyo,” parang batang sabi ng dalaga.

Sa pangungulit ni Daphne ay napapayag din niya si Clark na sumama sa kanyang mag-horseback riding.

“O, tingnan mo, ang sarap-sarap, di ba?”

Tumango lamang ang binata na sakay sa itim na kabayo. Mistula itong isang prinsipeng makikipagdigma dahil matikas itong tingnan habang nakaupo roon. Lihim siyang napangiti. Pinauna niyang maglakad ang kanyang sinasakyang puting kabayo.

“Halika, doon tayo sa batis. Maganda roon,” nakangiting sabi niya.

Sumunod ito sa kanya.

Nilingon niya ito at ngitian. Curious na siyang malaman kung ano ang pagkatao ni Clark.

Nasa anyo kasi nito ang kakaibang authority na hindi niya nakikita sa mga lalaking wala pang napapatunayan sa sarili.

May-asawa na kaya ito? O girlfriend? Ano kaya ang hitsura ng babae?

Sa hitsura at tindig nito, tiyak niyang pulos magagandang babae lamang ang pinapansin nito. Masuwerte ang sinumang babaeng nagmamay-ari ng puso nito.

At hindi maintindihan ni Daphne kung bakit tila may pinong kurot siyang naramdaman sa pinakatagong bahagi ng kanyang puso.

Nangislap sa katuwaan ang kanyang mga mata nang makarating na sila sa batis. Ito ang pinakagusto niyang lugar sa buong hacienda. Para sa kanya ay isang paraiso ang bahaging ito ng kanilang lupain.

Mas gusto niyang sa hacienda gugulin ang kanyang summer vacation kaysa magpunta sa

ibang bansa. Hindi na siya tumutol nang sabihin ng papa niya na kung gusto niyang magkaroon ng sariling sasakyan, kailangang dito lamang niya iyon gagamitin. Delikado raw kasi sa isang pilyang paris niya ang magkaroon ng sasakyan sa Manila. Gagamitin lamang daw niya iyon sa gimmicks at malamang kung hindi sa ospital ang bagsak niya ay sa kulungan.

Muli ay naalala niya ang pagkakabangga kay Clark.

Tiyak na masasakal siya ng kanyang papa kapag nakarating dito ang pangyayari. Mabuti na lang at nasa kanya ang loyalty Yaya Flora.

Ngunit hindi pa niya tiyak kung hindi rin magsasalita Tito Bojie sa kanyang papa sa pagdaraan ng mga araw. Alam niyang spoiled siya sa mabait na tiyuhin, ngunit kailan ba ito nagtago ng sekreto sa kanyang ama?

Umaasa na lamang siyang bago makarating ang pangyayari sa papa niya ay naka-recover na sa amnesia si Clark.

Iwinaksi niya sa isip ang mga alalahanin. Mas mabuting libangin muna niya ang sarili. Tatal katulad ng sinabi ng binata, nangyari na ang nangyari at

hindi na maibabalik pa.

Excited na bumaba siya sa kanyang kabayo at itinali niya iyon sa malaking puno ng mangga.

Bumaba rin sa kabayo si Clark. Namamanghang iginala nito ang paningin sa paligid ng batis. Napako ang mga mata nito sa malinaw na tubig.

“O, hindi ba maganda?” aniyang naupo sa nakausling malaking bato malapit sa pampang. Iginala niya ang mga mata sa kapaligiran, nilanghap ang sariwang simoy ng hangin. “Noong bata pa ako, dito kami nagtatago ng pinsan kong si Jepoy kapag may ginawa kaming kasalanan kay Papa. Noong mamatay sa sakit na cancer si Jepoy, maghapon ako dito, walang ginawa kundi umiyak nang umiyak. Nag-iisang anak lang ako at siya na ang itinuring kong kapatid at best friend na rin.” Unti-unting nawala ang ngiti niya sa mga labi nang maalala ang namayapang pinsan.

Napatingin siya kay Clark. Tila malalim ang iniisip nito habang nakatingin sa malayo.

“M-maynaalala ka ba? M-maynakapagpapaalala ba sa iyo sa tubig?”

“Hindi ko alam...” sabi ni Clark, bahagya siyang napapikit nang maramdaman ang pagsakit ng ulo niya. May putol-putol na eksena siyang nakikita sa kanyang isipan. “Basta parang meron akong nakikitang babaeng nalulunod.”

“Huwag mong pilitin ang utak mo. Hayaan mong kusang dumating sa iyo ang mga alaala,” marahang sabi ni Daphne.

Nagmulat siya ng kanyang mga mata at tumingin sa dalaga.

Hindi niya alam kung bakit tila ibang babae ang nakita niya sa katauhan ni Daphne.

Bigla tuloy ay naisip niya kung ano ang kaugnayan sa kanya ng babaeng iyon. Girlfriend ba niya ito? Asawa? Kapatid?

Ang babae ring iyon ang nakikita niyang nalulunod sa tubig. Napakurap-kurap siya.

“Sumasakit ang ulo mo? Gusto mong masahihin ko ang ulo mo para mawala ang pagsakit?” tanong nito. Bago pa siya makasagot ay lumapit na ito sa kanya at minasahe ang sentido niya.

Nakapagpaginhawa sa kanya ang banayad nitong pagmamasaha sa bahaging iyon ng ulo niya.

Unti-unting nawala ang pagkirot ng ulo niya. At hindi niya maipaliwanag ang pag-iinit ng kanyang katawan dulot ng ginagawa ni Daphne.

Napalunok si Daphne, hindi niya alam kung bakit bumilis nang bumilis ang pagtibok ng kanyang puso.

Hindi rin niya maipaliwanag ang tension na nararamdaman. Hindi niya alam kung bakit gusto niyang alagaan si Clark. Basta ang tiyak niya, hindi lamang dahil nagi-guilty siya sa kasalanan niyang pagbangga rito.

May soft spot na kaagad ito sa kanyang puso noong una pa lamang niya itong masilayan. Ngunit hindi niya tiyak ang damdamin niyang ito para sa lalaki.

Ni hindi niya kayang pangalanan.

Imposible namang pag-ibig ito. Ni hindi niya alam ang pagkatao ni Clark, paano siya iibig dito? At papaano niya malalaman kung pag-ibig nga ito gayong hindi pa siya nai-in love?

Siguro ay matindi talaga ang pagka-crush niya rito.

Natigilan siya nang mapansin ang maumbok na bagay sa pagitan ng mga hita nito. Alam niya kung ano ang ibig sabihin niyon.

Bigla siyang nag-panic.

Nagmamadali siyang tumayo upang makalayo rito. Dahil sa pagkataranta ay na-out of balance siya. Matutumba na siya sa lupa kung hindi naging maagap ang binata upang saluhin siya.

Bumagsak siya sa kandungan nito.

Pulang-pula ang pisngi niya nang magtama ang kanilang mga paningin.

Hindi niya alam kung ang mga titig nito o ang pagkakadaiti niya sa katawan nito ang nagdulot sa kanya ng tila nakakakuryenteng sensasyon na waring gumapang hanggang sa kanyang mga buto.

Sa kanyang dibdib, pakiramdam niya ay parang may mga kabayong nag-uunahan sa pagtakbo nang mga sandaling iyon. Napakabilis ng pagtibok ng kanyang puso.

At bigla ay na-curious siya kung ano kaya ang pakiramdam kapag nakulong siya sa matitipuno nitong bisig at masayaran ng mga labi nito ang kanyang bibig.

Hey, Daphne! What is happening to you? untag niya sa sarili.

Tila natauhang umalis siya sa kandungan nito. Hinamig niya ang sarili dahil kung anu-ano ang naglalaro sa kanyang utak nang mga sandaling iyon.

Kahiya-hiya siguro kung nababasa ng lalaki ang laman ng kanyang isip. She and Clark making love in this paradise!

Exciting! anang pilyang bahagi ng utak niya.

“I... I think it’s going to rain. Umuwi na tayo,” natatarantang sabi ni Daphne. Nagpatiuna na siyang naglakad at mabilis na sumampa sa kanyang kabayo.

Ngunit hindi talaga maalis sa utak niya ang kakaibang pakiramdam na idinulot ng kanyang pagkakabagsak sa kandungan nito kanina.

Sa pagkaalala niyon ay para na siyang kinikiliti, paano pa kaya kung hinahalikan na siya nito?

Have you gone crazy, Daphne?

Samantala, tahimik na tahimik si Clark habang pinapatakbo niya ang kabayong sinasakyan.

Alam niyang naramdaman ni Daphne ang pagbabago ng timpla ng kanyang katawan.

Huwag Kang Mangako - Helen O'Brien

Maganda ang babae, at hindi nakakapagtaka kung makaramdam siya ng gayon dito. Ngunit paano kung sa kanyang totoong buhay ay may pananagutan na siya?

Kailangang hanapin niya ang kanyang sarili. Nahihirapan na siya sa ganito—walang maalala tungkol sa kanyang buhay.

4

“Hi! Namitas ako ng mga bayabas kasama ni Yaya Flora. This is my favorite. Halika, saluhan mo ako ‘tapos balik ulit tayo doon sa batis, sasama raw si Yaya Flora sa atin,” excited na sabi ni Daphne. Inilapag niya sa mesa ang isang basket ng mga bayabas.

Napansin niyang matamlay si Clark. Parang malayo na naman ang lipad na isip nito.

Kumuha siya ng isang bayabas at iniabot dito ngunit umiling lamang ito. Kibit-balikat na kinagatan niya iyon, “Ang sarap talaga nito. Alam mo, noong bata pa ako, madalas akong umakyat sa puno ng bayabas ‘tapos nagtatago ako sa kuwarto ni Yaya Flora kapag hinanap na ako ni Mama kasi ayaw na ayaw niyang nagagalusan ako. Eh, malikot ako noong bata ako kaya madalas akong nagkakagalos lalo na kapag nahuhulog ako sa puno....” Humugot siya ng isang malalim na hininga. “Iniisip mo na naman kung kailan babalik ang alaala mo? Sinabi ko na kasi sa ‘yo, babalik rin iyan, huwag mong madaliin!” nakatawang sabi niya.

“Madali mo iyang nasasabi dahil hindi ikaw ang nasa kalagayan ko!” sabi nito, tila naiirita na sa

kakulitan niya.

Natigilan ang dalaga.

“S-sige, k-kung ayaw mong kinukulit kita, eh, di huwag. From now on, hindi na kita kukulitin,” nagtatampong tugon niya. Nagmamadali na niya itong iniwan at nagkulong na lamang siya sa kanyang silid, masamang-masama ang loob.

“Daphne, nakahanda na ang lunch, hindi ka pa ba lalabas diyan?” dinig niyang tawag ni Yaya Flora mula sa labas ng kanyang kuwarto.

Suminghut-singhot lamang siya. Hindi niya pinansin ang pagtawag nito.

“Daphne...”

“Hindi ako nagugutom, Yaya...” aniya.

Bumukas ang pinto ng kanyang silid. Napailing ang matanda nang makita siyang nakasimangot at halatang galing sa pag-iyak habang nakaupo sa kama.

“Ano na naman ba ang problema mo, Daphne?”

“Nakakainis na kasi iyang mestizo na hilaw na bangus na iyan, eh,” parang batang nagsusumbong

na sabi niya. “Akala mo kung sinong guwapo!”

Sumilay ang isang tipid na ngiti sa mga labi ng tagapag-alaga. “Eh, hindi ba at talaga namang guwapo siya?”

“Oo, guwapo na siya kung sa guwapo, pero hindi lang siya ang guwapo dito sa mundo,” nakairap na tugon niya. “Siya na nga itong nililibang ko, siya pa itong may ganang magsuplado sa akin!”

Lumapit ang matanda sa kanya. “Ang kulit-kulit mo kasi, eh. Paminsan-minsan naman, hayaan mo siyang mapag-isa. Hinahanap niya ang sarili niya kaya siya nagkakaganoon. Kahit sinong tao ang nasa kalagayan niya, mamomroblema kapag hindi nila kilala ang kanilang sarili. Kahit ikaw, Daphne.”

Hindi siya kumibo.

“Hija, eighteen ka na, hindi ka na bata. Paminsan-minsan, matuto ka ring isaalang-alang ang damdamin ng iba. Hindi puwedeng ikaw na lamang palagi ang iintindihin,” paalala nito. “Kung gusto mong itrato ka ng sinuman nang naaayon sa iyong edad, kumilos ka nang ganoon, hija. Hindi maaaring puros na lamang laro sa iyo ang buhay....”

Nasapol siya sa mga salita ni Yaya Flora. Bigla ay na-guilty siya sa mga ikinikilos niya kay Clark.

Alanganin si Daphne nang lapitan niya si Clark.

Huminga siya nang malalim. Kung mayroon mang isang bagay na nahihirapan siyang gawin, iyon ay ang magpapakumbaba at humingi ng sorry.

“C-Clark, I’m s-sorry....” halos paanas lamang na sabi niya.

Nilingon siya ng binata. “Wala iyon, ako nga ang dapat na mag-sorry sa iyo. Pasensya ka na kung napagsusungitan kita. Nahihirapan lang talaga ako sa kalagayan ko.”

“Naiintindihan na kita.” Inilagay niya ang mga kamay sa bulsa ng kanyang miniskirt. “Pero ano ba’ng magagawa ng pagsusungit mo at kagustuhang mapag-isa... maibabalik ba niyan ang mga alaala mo? Hindi naman, di ba?”

Isang tipid na ngiti ang sumilay sa mga labi nito. “I guess you’re right,” anitong may amusement sa mga mata habang nakatingin sa kanya. “Alam mo, bilib ako sa iyo, parang hindi ka marunong malungkot.”

“Akala mo lang iyan, nalulungkot rin ako... kapag grounded akong lumabas ng bahay o di kaya

kinukuha ni Papa ang credit card ko dahil sa sobrang lakas kong gumastos,” aniyang napabungisngis.

Natawa si Clark.

Mayamaya ay sabay nawala ang kanilang mga ngiti nang magkatitigan sila.

Na-tense si Daphne. Akala kasi niya ay hahalikan siya ng lalaki.

“You know what? You have the most beautiful eyes I’ve ever seen...”

“Bola!” pabirong sabi niya kahit ang totoo ay nataranta siya at kinilig sa papuri nito.

Isang tipid na ngiti ang sumilay sa mga labi nito. Lumabas ang dalawang biloy nito sa magkabilang pisngi.

And damn, this guy was the handsomest man she’d ever seen in her entire life!

“Gusto mong m-mamasyal ulit tayo sa batis?” bigla ay naitanong ng dalaga.

Excited na lumusong sa batis si Daphne at nagtampisaw roon. Pero ilang minuto pa lang niya ibinababad sa tubig ang mga paa ay umalis na siya.

“Ang lamig ng tubig, grabe!” nangangatal na sabi niya. Naupo siya sa malaking bato na malapit sa pampang.

Napalunok siya nang makitang hinuhubad ni Clark ang t-shirt nito. Namilog ang kanyang mga mata nang mahantad sa kanyang mga mata ang makisig na pangangatawan nitong animo nililok ng isang magaling na mang-uukit. Ni katiting na bilbil ay wala siyang makita sa katawan nito. Doon pa lamang ay natiyak na niyang katakut-takot ang disiplina nito sa sarili.

“Ikaw, hindi ka ba maliligo?” nakangiting tanong nito.

Umiling siya. Bukod sa hindi siya gaanong bihasang lumangoy ay ayaw niyang ma-expose ang katawan niya rito. Masama namang tingnan kung babalik siya ng mansion na basang-basa ang kanyang damit. Baka iba ang isipin ng kanyang mga kasambahay. Although sanay na ang mga ito sa kapilyahan niya, iba pa rin syempre ang ganitong may kasama siyang lalaki lalo pa at hindi niya ito kaanu-ano.

Napapitlag siya nang hawakan siya ni Clark sa kamay. Ang bilis-bilis ng pagrigodon ng puso niya! Kung anu-ano na kaagad ang imahinasyong

naglalaro sa kanyang utak.

Nawala lamang ang romantic notion sa kanyang isipan nang makitang ipinatong nito sa kamay niya ang isang malaking bayabas.

“Nakita ko sa punong ‘yan,” anito na ininguso ang puno ng bayabas malait sa kanila. “Hindi ba mahilig ka rito?”

“S-salamat,” aniyang ang bilis-bilis pa rin ng pagtambol ng kanyang puso.

Nakangisi ito nang tingnan siya.

Napangiti si Daphne. “Bakit?” nagtataakang tanong niya.

“Para ka kasing may epilepsy,” sagot nito, pagkuwa’y lumusong na sa tubig. “Giniginaw ka ba o natatakot ka lang sa akin?” tanong nito.

Pareho, naisip sana niyang isagot, ngunit hindi niya aaminging nate-tense siya sa kagandahang lalaki nito. “Bakit naman ako matatakot sa iyo, ‘no!’” pairap na sabi niya at kumagat sa malaking bayabas na ibinigay nito upang ikubli ang kabang nadarama niya. “Giniginaw lang po ako kaya nangangatal ako.”

“Bakit defensive ka?”

“Ako, defensive? Hindi, ha!” giit niya.

Nagkibit-balikat si Clark saka nagpatuloy na sa paglangoy. Hindi niya napigilan ang kanyang sarili na pagmasdan ito.

Bulag na lamang ang babaeng hindi ma-a-attract dito!

Kinabukasan nang umagang iyon, pinagmasdan ni Daphne ang kanyang sarili sa salamin habang sinusuklay ang hanggang balik niyang buhok.

Marami ang nagsasabing napakaganda niya. Sa katunayan ay marami siyang admirers sa school.

Type kaya ni Clark ang beauty niya? Sinipat niya ang kanyang katawan. So far ay wala siyang nakikitang mga naglalabasang bilbil sa kanyang tiyan.

Dahil bata pa siya, hindi pa masyadong malaki ang kanyang dibdib pero maganda naman ang hugis ng balakang at puwit niya.

Napakurap-kurap siya at bahagyang natigilan. Bakit ba bigla ay naging conscious siya sa kanyang hitsura samantalang dati ay wala siyang pakialam kahit pa nga magulo kung minsan ang buhok niya?

Bakit ba bigla ay gusto niyang maging maganda para sa isang lalaki?

“Maganda ka na, tama na ang pagtitig sa salamin at baka mabasag na iyan,” natatawang pukaw ng tagapag-alaga nang pumasok ito sa kanyang silid at makitang pinagmamasdan niya ang sarili sa dresser mirror.

Nginitian niya ito. “Hi, Yaya. Gising na po ba si Clark?”

“Kanina pa. Nandoon siya sa terrace, nagkakape.”

“Yaya, masarap ba iyong breakfast na inihanda ni Manang Senia? Mukhang favorite ni Clark ang tinapang bangus kaya sabihin n’yo kay Manang Senia, huwag kalimutang magluto noon...” aniyang inayos ang miniskirt. “Yaya, bagay na ba sa akin itong red skirt ko? Hindi po ba masyadong matingkad ang kulay?”

“Bakit bigla-bigla ay nagtatanong ka sa akin ng ganyan? Dati naman lumalabas ka kahit hindi magkaterno ang suot mong pambahay, ah,” sabi ni Yaya Flora na maitim na nakatingin sa kanya.

Hindi siya makasagot.

Pulang-pula ang kanyang mga pisngi.

“Hija, gusto ko lang ipaalala sa iyo na estranghero pa rin sa atin ang lalaking iyon. Ni hindi natin alam kung may pananagutan na siya kaya sana, huwag mong hayaang mahulog nang husto ang loob mo sa kanya,” pangaral nito.

Napakagat-labi siya. “Yaya...”

“Ikaw lang naman ang inaalala ko. Ayokong dumating ang araw na masaktan ka lang,” mariing sabi nito saka humugot ng isang malalim na hininga. “Hala, lumabas ka na doon at mag-almusal.” Lumapit ito sa kama at dinampot ang kumot na ginamit niya bago tiniklop iyon nang maayos.

Tahimik na tahimik si Daphne habang kumakain ng almusal at waring naninibago si Clark sa kanya.

“Hindi yata maganda ang tulog mo kagabi, ah,” nakangiting puna nito.

“N-napuyat lang ako sa pinanood ko,” dahilan niya. Ang totoo ay bigla siyang natakot sa sinabi ni Yaya Flora. Apat na araw na sa hacienda ang lalaki at sa loob ng maikling panahong pamamalagi nito roon ay hindi niya maitatangging naging magaan kaagad ang loob niya sa kausap.

In fact, ngayon lamang niya nadama ang ganitong kaligayahan at alam niyang dahil iyon sa pagdating ni Clark sa kanyang buhay. Hindi niya alam kung pag-ibig na nga itong nararamdaman niya para rito ngunit gusto niyang isiping hindi.

Dahil unti-unti na niyang kinatatakutan ang pagdating ng araw na magbabalik ang alaala ng binata at matuklasan nitong mayroong pala itong babaeng dapat balikan.

Iniisip pa lamang niya iyon ay parang may matalas na bagay na sumasaksak sa kanyang dibdib.

Napakurap-kurap siya habang nakatingin kay Clark. Pag-ibig nga ba itong nararamdaman niya para rito? Ngunit maaari bang mangyaring sa loob ng napakaikling panahon ay umibig kaagad siya rito?

Ang alam niya, hindi totoo ang love at first sight, ngunit ano nga ba itong nadarama niya?

“Daphne, may problema ba?” nag-aalalang untag ng lalaki.

Umiling siya. “N-nothing...”

“Tito Bojie, wala pa ho ba kayong balita tungkol

kay Clark?” tanong ni Daphne sa tiyuhin nang dalawin niya ito sa clinic nito.

“Wala pa naman.”

“Sigurado po kayong wala pang naghahanap na kamag-anak sa kanya?” patuloy na usisa niya.

Umiling ito saka kumunot ang noo. “Bakit? May problema ba?”

“Tito, natatakot ako...” Parang daing na tumakas sa kanyang lalamunan ang mga salita.

Hinubad nito ang reading glasses at tiningnan siya nang mataman. “Natatakot kang malaman ng iba na nakaaksidente ka o natatakot kang bumalik na ang alaala ng lalaking iyon?” panghuhuli nito.

Nabigla siya sa tanong na iyon ng tiyuhin.

Putlang-putla ang mukha niya.

Hinawakan nito ang kanyang isang kamay. “Hindi kaila sa akin na masyado kang nagiging malapit sa lalaking iyon. Hija, hindi sa gusto kitang pagbawalang makipagkaibigan sa kanya. Ang sa akin lang, dapat huwag mong kalilimutang isang araw ay babalik ang alaala ng lalaking iyon... at naiintindihan mo siguro kung ano ang ibig kong sabihin.”

Tumango siya.

Kagaya ni Yaya Flora, nag-aalala lamang ang kanyang tiyuhin na baka masaktan siya kapag dumating ang araw na iyon.

“Don’t worry, Tito, I can handle it just in case I fell in love with him at... at malaman kong meron na pala siyang asawa,” pagbibigay-assurance niya bagaman hindi talaga siya sigurado sa bagay na iyon.

“Sana nga, hija... sana nga...”

“Tito, thank you,” halos pabulong na sabi niya.

Ngumiti ito. “Thank you for what?”

“Thank you for trusting me,” puno ng sinseridad na tugon niya. “Alam kong hindi madali para sa inyong gawin ang lahat ng ito and yet hindi ninyo pinangungunahan ang damdamin ko.”

“Dahil alam kong iyon ang dapat at huwag mo sanang sisirain ang pagtitiwala ko sa iyo, hija. At hindi porque absuwelto ka na sa akin ay matatakan mo na ang kalokohan mo. Alalahanin mo sanang may pakpak ang balita. Ngayon pa lang ay ihanda mo na ang iyong sarili kapag nakarating sa papa mo ang tungkol dito,” paalala nito.

“Pero hindi kayo ang magsusumbong kay Papa ng tungkol dito, right, Tito Bojie?” naglalambing na sabi niya.

Napatawa ito.

“Hanggang ngayon bata ka, tino-torture mo pa rin ako sa mga kalokohan mo!” Bumuntong-hininga ito nang malalim. “Ewan ko ba kung bakit hindi kita matiis... sana ay naging kasing-tatag ni Kuya Tirso ang puso ko!”

Napabungisngis si Daphne.